Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA- 6 NA REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 10 PEBRERO 2003, IKA 9:20 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG BARANGAY SAN VICENTE

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Baticos	Tagapangulo
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Hernan C. Erorita	
Konsehal Jovito D. Estrada	
Konsehal Gemmar C. Montesa	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sanggunlang Kabataan

Hindi Nakadalo: WALA

KAPASYAHAN BLG. 010
Taong 2003

KAPASYAHANG MAPITAGANG ITINUTULOY SA KGG. PUNONG LALAWIGAN BARTOLOME L. MARASIGAN, SR. AT KAY DR. ARACELI RADA-SALMORIN, TAGAMASID PAMPUROK, DepEd, DISTRITO NG ROXAS, SILANGANG MINDORO ANG RESOLUSYON BLG. 01 HANAY 2003 NG BARANGAY SAN VICENTE NG BAYANG ITO,

SAPAGKA'T, ang unang pagpupulong sa barangay na isinagawa ng Sanggunlang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay sa Barangay San Vicente kung saan nagkaroon ng pagkakataon ang mga mamamayang maipahayag ang kanilang ninanais na mga pangkaunlarang gawain sa pamamagitan ng Sanggunlang Barangay;

SAPAGKA'T, isa sa mga isyung inihain ay ang mahigpit na pangangailangan ng isang guro sa Sityo Tagaskan upang maragdagan ang dalawang (2) gurong kasalukuyang nagtuturo sa pitumpu't anim (76) na mag-aaral sa I – IV na baitang;

SAPAGKA'T, ang pagkakaroon ng dagdag na guro ay malaki ang maitutulong upang mapabuti ang kalidad ng kaalaman, kakayahan at mga kasanayan ng mga mag-aaral;

SAPAGKA'T, bilang suporta sa pangangailangang ito ng Sityo Tagaskan, ipinasya ng mga miyembro ng Sangguniang Bayan na ituloy sa mga kinauukulang awtoridad ang hiniling na ito para sa ikabubuti ng mga mamamayan sa sityong ito.

DAHIL DITO, mungkahi ni Konsehal Ramil O. Dimapilis na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na mapitagang ituloy sa Kgg. Gobernador Bartolome L. Marasigan, Sr. at kay Dr. Araceli Rada-Salmorin ang Kapasyahang Blg. 01 Taong 2003 ng Barangay San Vicente na humihiling ng karagdagang isang guro para sa Sityo Tagaskan ng Barangay na ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kalakip ang Kapasyahan Blg. 01 Taong 2003 ng Barangay San Vicente kay Kgg. Bartolome L. Marasigan, Sr., Punong Lalawigan ng Silangang Mindoro at kay Dr. Araceli Rada-Salmorin, Tagamasid Pampurok, DepEd, Distrito ng Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kalungi-tangi at naaayong pagpapasya.

Pinagtibay ng lahat 10 Pebrero 2003

PINATUTUNAYANG WASTO.

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunlang Bayan

PINATITIBAYAN:

CESAR T. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

pilz/
021303